# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan ____________________________ Petsa ____________ Marka _______

## Pagkilala sa Pangatnig (Mga Sagot)

Kakayahan: Natutukoy ang pangatnig sa pangungusap

Ikahon ang pangatnig sa bawat pangungusap.

1. Naghahabulan sa bakuran ang aso [at] pusa ni Hannah.
2. Maraming kaibigan si Dianne [dahil] lagi mong maaasahan ang tulong niya.
3. Kumukulo na ang tiyan ko sa gutom [ngunit] hindi pa luto ang paborito kong ulam.
4. Kakain ka pa ba ng tsampurado [o] busog ka na?
5. Gusto ko nang umuwi [pero] hindi pa dumarating ang sundo ko.
6. Maganda ang bestidang suot mo [subalit] hindi bagay ang sapatos na iyan sa bestida.
7. Gigising ako nang maaga bukas [para] maumpisahan ko na ang labada.
8. Dinala namin si Tricia sa klinika [at] pinatingin namin siya sa doktor.
9. Nagluluto ng adobong baboy si Ate Rowena [habang] nagsasaing si Nanay.
10. Mas mainam na tumawag ka ulit mamayang alas-otso [kung] nais mo siyang makausap.
11. Hindi matutuloy ang lakbay-aral natin sa Biyernes [sapagka't] may parating na malakas na bagyo sa ating lalawigan.
12. Ano ang gustong inumin ni Lolo Pedro, mainit na kape [o] tsaa?
13. Nais kong sumama sa inyo sa *mall* [subalit] kailangan kong tapusin ang proyekto ko.
14. Mataas ang lagnat ni Maria [kaya] tinawagan ni Bb. Garcia ang kanyang mga magulang.
15. Si Gemma ay nag-aaral nang mabuti [upang] siya ang maging unang miyembro sa kanyang pamilya na makatapos ng kolehiyo.

© 2014 Pia Noche